**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hulyo 18*

# SAN CAMILO DE LELIS
## Kumpesor

Paggunita kila
SANTA SIMFOROSA AT ANG PITO NIYANG MGA ANAK
Mga Martir

*Misa "Majorem hac"*
*III cl • Doble • Puti*

### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Jn 15:13*

**MAJÓREM** hac dilectiónem nemo habet, ut ánimam suam ponat quis pro amícis suis. — *Ps 40:2* Beátus, qui intéllegit super egénum et páuperem : in dic mala liberábit eum Dóminus. *V.* Gloria Patri. Majorem hac.

**WALANG MAY HIGIT** pang dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan. — *Salmo 40:2* Mapalad yaong mga nililingap ang mga dukha't mabababa, sapagka't sa araw ng pighati'y hahanguin siya ng Poong Mahal. *V.* Luwalhati sa Ama. — Walang may higit...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui sanctum Camíllum, ad animárum in extrémo agóne luctántium subsídium, singulári caritátis prærogatíva decorásti: eius, quǽsumus, méritis, spíritum nobis tuæ dilectiónis infúnde; ut in hora éxitus nostri hostem víncere, et ad cœléstem mereámur corónam perveníre. Per Dóminum.

**O DIOS,** ipinagkaloob mo kay San Camilo ang isang natatanging biyaya ng diwa ng pag-ibig pakundangan sa kapakanan ng mga kaluluwa sa kanilang pakikibaka sa paghihingalo nila sa lupang ibabaw: ibuhos mo nawa sa amin ang espiritu ng Iyong pag-ibig, upang sa sandali ng aming pagpanaw ay pagindapatin kaming malupig ang malupit na kaaway at makamit ang putong ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

*Paggunita kila Santa Simforosa at kaniyang Pitong Anak, mga Martir. Mula sa Misa* Para sa Maraming mga Martir "Intret."

### SULAT • *1 Jn 3:13-18*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Juan.

**PINAKAMAMAHAL:** Huwag kayong magtaka kung kinapopootan kayo ng sanlibutan. Nalalaman nating lumipat na tayo sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananatili sa kamatayan. Mamamatay-tao ang napopoot sa kanyang kapatid, at nalalaman ninyong ang buhay na walang hanggan ay wala sa mamamatay-tao. Dito natin nalalaman ang pag-ibig: inialay ni Cristo ang kanyang buhay para sa atin. Kaya't dapat din nating ialay ang ating buhay para sa mga kapatid. Kapag nakita ng isang maykaya sa buhay ang kanyang kapatid na nangangailangan, at pinagkaitan niya ito ng tulong, masasabi bang siya'y umiibig sa Diyos? Mga anak, huwag tayong magmahal sa pamamagitan ng salita lamang, kundi patunayan natin ito sa pamamagitan ng gawa. — *R.* **Salamat sa Dios.**

*Paningit na Awit at Aleluya, mula sa Misa* Para sa Confesor na hindi Obispo "Justus ut palma."

*Ebanghelyo, mula sa Misa* Sa mga Vigilia ng mga Apostol, Jn 15:12-16, "Ito ang Aking utos…"

*Antipona sa Pag-aalay, mula sa Misa* Para sa Confesor na hindi Obispo "Justus ut palma."

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**HÓSTIA** immaculáta, qua illud Dómini nostri Jesu Christi imménsæ caritátis opus renovámus, sit, Deus Pater omnípotens, sancto Camíllo intercedénte, contra omnes córporis et animae infirmitátes salutáre remédium, et in extrémo agóne solátium et tutéla. Per eúndem Dóminum.

**O DIOS AMANG MAKAPANGYARIHAN,** nawa'y mapanibago ang ginawang kaligtasan ng walang hanggang pag-ibig ng aming Panginoong Jesucristo sa malinis na handog na ito: at pakundangan kay San Camilo, maging lunas ito sa amin laban sa lahat ng sakit ng katawan at kaluluwa at maging aliw at pananggalang namin sa aming paghihingalo sa sandali ng aming pagpanaw. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristo…

### ANTIPONA SA KOMUNYON • *Mt 25:36, 40*

**INFÍRMUS** fui, et visitástis me. Amen, amen, dico vobis : Quámdiu fecístis uni ex his frátribus meis minimis, mihi fecístis.

**AKO'Y NAGKASAKIT** at inyong dinalaw. Amen, amen, sinasabi ko sa inyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**PER** hæc cæléstia aliménta, quæ, sancti Camílli Confessóris tui sollémnia celebrántes, pia devotióne suscépimus : da, quaésumus. Dómine; ut, in hora mortis nostræ sacraméntis refécti et culpis ómnibus expiáti, in sinum misericórdiæ tuæ læti súscipi mereámur. Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

**SA BISA** ng makalangit na kakanin na aming tinanggap nang may pamimintuho, habang aming aming ipinagpipistang dakila si San Camilo na Iyong Confesor, isinasamo namin upang iyong ipagkaloob, O Panginoon, na sa sandali ng aming pagpanaw at pinatibay ng Iyong mga sakramento at pinatawad sa tanang kasalanan, nawa'y maging marapat kaming maupo't makapahinga sa kailaliman ng iyong habag. Sapagka't Ikaw ay nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama…

• • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • •

*Hulyo 19*

## SAN VICENTE DE PAUL
## Confesor

Misa mula sa Para sa Confesor na hindi Obispo, "Os justi," maliban dito:

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui, ad evangelizándum paupéribus et ecclesiástici órdinis decórem promovéndum, beátum Vincéntium apostólica virtúte roborásti : præsta, quaésumus; ut, cujus pia mérita venerámur, virtútum quoque instruámur exémplis. Per Dóminum.

**O DIOS,** ibinuhos Mo kay San Vicente ang isang katatagan na parang tulad sa mga Apostol upang ihayag ang iyong Mabuting Balita sa mga dukha at upang mapahusay ang natatanging buhay ng isang pari: ipagkaloob Mo nawa, upang kaming pinararangalan siya sa kaniyang kabanalan ay tularan ko rin ang kaniyang pagka-uliran. Sa pamamagitan ni Jesucristo…